REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 01-013**

**KAUTUSAN NA INAAMYENDAHAN ANG NILALAMAN NG KAUTUSANG BAYAN BLG. 89-18 AT ISINUSUSOG ANG TUWIRANG PAGPAPATUPAD NG "CLOSE DOOR POLICY" SA MGA PAMPUBLIKO O PAMPASADANG BUS NA TUMATAKBO O PUMAPASADA SA MGA LANSANGAN NG LUNGSOD NG MUNTINLUPA, AT ANG PAGPAPATAW NG MAS MATAAS NA MULTA AT PARUSA PARA SA LALABAG DITO.**

*****************************************************************************

Ipinanukala nina:
*Kgg. Lucio B Constantino*
*Kgg. Icasiano M. Dela Rea*
*Kgg. Aldrin L. San Pedro*
*Kgg. Bal Niefes*
*Kgg. Nicanor L. Echavez*
*Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.*
*Kgg. Allan Rey A. Camilon*
*Kgg. Raul R. Corro*
*Kgg. Melchor R. Teves*
*Kgg. Victor L. Ulanday*
*Kgg. Elmer S. Espeleta*
*Kgg. Francis Ian T. Bagatsing*
*Kgg. Mario E. Bulay, Jr.*
*Kgg. Mamerto T. Sevilla, Jr.*
*Kgg. Rufino B. Joaquin*
*Kgg. Artemio A. Simundac*

*****************************************************************************

**SAPAGKAT,** alinsunod sa itinatadhana ng **Seksiyon 458 (5), (v at vi)** ng Kodigo ng Lokal na Pamahalaan ng 1991, ang Lokal na Pamahalaan ay may kapangyarihang magpatibay ng mga kautusan na makakatiyak sa epektibo at maayos na pagbibigay ng mga pangunahing serbisyo, at karagdagan dito ay ang:

(v) Pagsasaayos o pamamahala sa paggamit ng mga lansangan at pampublikong lugar; pagtatalaga o pagpapanatili ng hintuan at terminal ng mga bus;

(vi) Pagsasaayos o pamamahala ng trapiko sa lahat ng mga lansangan at ang pagbabawal sa mga nakaharang o nakakasagabal dito;

**SAPAGKAT,** itinatadhana rin ng **Seksiyon 458 (iii)** ng **RA 7160** na ang Lokal na Pamahalaan ay may kapangyarihang magpatibay ng mga kautusan para sa pagpapataw ng multa na hindi tataas sa Limang Libong Piso (P5,000.00) o pagkabilanggo na hindi hihigit sa isang (1) taon, o parehas na multa at pagkabilanggo, alinsunod sa malayang pagpapasiya ng hukuman, para sa paglabag ng kautusan;

**SAPAGKAT,** ang lantarang paglabag ng mga pampubliko o pampasadang bus sa **"close door policy"** ng Lungsod ay lubhang nakakaapekto sa daloy ng trapiko, partikular sa kahabaan ng Alabang Viaduct;

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

**SAPAGKAT,** sa kasalukuyan ay lubhang napakaliit ng multang ipinapataw para sa paglabag ng **Kautusang Bayan Blg. 89-18** o ang tinatawag na "**close door policy**" at ito ay walang pakundangang nilalabag ng mga drayber at konduktor ng bus dahil kayang-kaya nilang bayaran ang multa, kahit pa ipataw ang multang nakasaad sa ikatlong paglabag ng dating kautusan;

**SAPAGKAT,** ang tuluyang pag-aamyenda sa nilalaman ng **Kautusang Bayan Blg. 89-18** at ang pagsususog ng mas mataas na multa para sa paglabag ng bagong Kautusan ay lubhang makakatulong para sa mas epektibo at maayos na pagpapatupad ng batas trapiko;

**NGAYON, DAHIL DITO,** isinasabatas ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang mga sumusunod:

**Seksiyon I.** ***PAMAGAT.*** Ang Kautusang ito ay tatawaging "KAUTUSAN PARA SA PAGPAPATUPAD NG **"CLOSE DOOR POLICY"** SA LAHAT NG MGA PAMPUBLIKO O PAMPASADANG BUS NA TUMATAKBO O PUMAPASADA SA MGA LANSANGAN NG LUNGSOD NG MUNTINLUPA AT ANG PAGPAPATAW NG MAS MATAAS NA MULTA AT PARUSA PARA SA LALABAG DITO".

**Seksiyon 2.** ***SAKOP.*** Ang Kautusang ito ay sasakop sa lahat ng mga drayber at kondukdor ng pampubliko o pampasadang bus na tumatakbo o pumapasada sa mga lansangan ng Lungsod ng Muntinlupa.

**Seksiyon 3.** ***KAHULUGAN NG MGA SALITA.*** Sakaling gagamitin ang alinman na mga salita, ito ay may mga sumusunod na kahulugan:

1. **CLOSE DOOR POLICY** - isang batas trapiko na itinatadhana ng Kautusan, kung saan ipinagbabawal ang pagbukas ng pinto ng mga pampubliko o pampasadang bus habang ito ay tumatakbo o pumapasada sa mga lansangan ng Lungsod.

2. **KONDUKTOR** - legal o awtorisadong taga-singil ng pamasahe at taga-tawag ng mga pasahero ng pampubliko o pampasadang bus sa isang akreditado o itinakdang terminal, sakayan o himpilan;

3. **DRAYBER** _ legal o awtorisadong tagapagmaneho ng isang pampubliko o pampasadang bus;

4. **TERMINAL** - lugar na ginagawang himpilan, hintayan o sakayan ng mga pasahero ng pampubliko o pampasadang bus;

**Seksiyon 4.** Mahigpit na ipinagbabawal sa lahat ng mga drayber at konduktor ng pampubliko o pampasadang bus na magbukas ng pinto at magsakay ng mga pasahero habang tumatakbo o pumapasada sa mga lansangan ng Lungsod ng Muntinlupa, maliban sa mga sumusunod:

(1) Kung ito ay nakapila o nagsasakay ng pasahero sa isang itinakdang sakayan o babaan (loading and unloading zone); at

(2) Kung ito ay nakapila o nagsasakay ng pasahero sa isang akreditado o itinakdang terminal, sakayan o himpilan ng Lungsod;

Ang Muntinlupa Traffic Management Bureau (MTMB), Traffic Environment and Discipline (TED) o mga Deputadong Kawani nito ay binibigyan ng malawak na kapangyarihan upang ipatupad ang probisyon ng Kautusang ito, at sa pakikipagtulungan ng Zoning Office, Engineering Office at Planning and Development Office para sa pagtatakda ng mga sakayan, babaan (loading and unloading area/s), hintuan, himpilan (parking and no parking area/s) at iba pang mga pantrapikong patalastas (traffic signages) sa kabuuang lansangan ng Lungsod.

**Seksiyon 5. *PARUSA.*** Sinumang drayber o konduktor ng pampubliko o pampasadang bus na mahuhuli o mapapatunayang lumalabag sa probisyon ng Kautusang ito ay papatawan ng mga sumusunod na parusa:

Inaamyendahan ng Kautusang ito ang nakasaad na probisyon sa **Kautusang Bayan Blg. 89-18, Talata III, Una at Pangalawa** na nagsasaad na:

> **"TALATA III - Ang mga sumusunod na parusa ay ipapataw sa mga konduktor at nagmamaneho (driber) ng mga pampubliko o pampasaherong bus na lalabag sa kautusang bayan na ito."**
>
> **Una:** Ang parusa na halagang Limampung Pisong (P50.00) multa bukod sa gastos sa hukuman o pagkabilanggo ng isang (1) araw o parehong multa at pagkabilanggo sa malayang pagpapasiya ng hukuman sa **UNANG PAGLABAG**; Pitumpu't limang pisong (P75.00) multa bukod sa gastos sa hukuman o pagkabilanggo ng dalawang (2) araw o parehong multa at pagkabilanggo sa malayang pagpapasiya ng hukuman sa **IKALAWANG PAGLABAG;** Isang daang pisong (P100.00) multa bukod sa gastos sa hukuman o pagkabilanggo ng tatlong (3) araw o parehong multa at pagkabilanggo sa malayang pagpapasiya ng hukuman sa **IKATLONG PAGLABAG.**
>
> **Pangalawa:** Ang pagkumpiska ng sasakyan (impounding of vehicle) sa huling paglabag sa kautusang ito."

at isinususog ang mga sumusunod:

a. **UNANG PAGLABAG** - Multang Limang Daang Piso (P500.00) o pagkabilanggo ng isang (1) buwan o parehas na multa at pagkabilanggo, alinsunod sa malayang pagpapasiya ng hukuman;

b. **IKALAWANG PAGLABAG** - Multang Isang Libong Piso (P1,000.00) o pagkabilanggo ng dalawang (2) buwan o parehas na multa at pagkabilanggo, alinsunod sa malayang pagpapasiya ng hukuman;

k. **IKATLONG PAGLABAG** - Multang Tatlong Libong Piso (P3,000.00) o pagkabilanggo ng tatlong (3) buwan o parehas na multa at pagkabilanggo, alinsunod sa malayang pagpapasiya ng hukuman;

***Kung ang pintuan ng nahuling pampubliko o pampasadang bus ay awtomatikong bumubukas, ang drayber ng nasabing bus ang papatawan ng parusa, alinsunod sa multa ng una, ikalawa at ikatlong paglabag na nakasaad sa itaas;***

***Kung ang pintuan ng nahuling pampubliko o pampasadang bus ay hindi awtomatikong bumubukas, ang konduktor ng nasabing bus ang papatawan ng parusa, alinsunod sa multa ng una, ikalawa at ikatlong paglabag na nakasaad sa itaas.***

***Bukod sa multa at/o pagkabilanggo sa ikatlong paglabag, kapag natuklasan na sira, nakatali o nakawelding ang pintuan ng sasakyan, ang may-ari ay papatawan ng multang Limang Daang Piso (P500.00) o pagkabilanggo ng tatlong (3) buwan, o parehas na multa at pagkabilanggo, alinsunod sa malayang pagpapasiya ng hukuman; at ang sasakyan ay hihilahin o babatakin (tow) ng akreditadong tow truck sa Impounding Area ng Pamahalaang Lungsod at ipapataw ang mga sumusunod:***

1. Isang Libo at Apat na Daang Piso (P1,400.00) na Towing fee sa unang apat (4) o pababa na kilometro at karagdagang P200.00 para sa mga sumunod na kilometro, mula sa lugar ng pinaghilahan (towing area) hanggang sa lugar ng himpilan (impounding area);

2. Sa bawat araw na pagkakahimpil ng sasakyan sa Impounding Area ay ipapataw ang mga sumusunod:

   a. P100.00/bawat araw para sa una at ikalawang buwan;
   b. P200.00/bawat araw para sa ikatlo at ikaapat na buwan;
   k. P300.00/bawat araw para sa ikalima at ikaanim na buwan, subalit hindi hihigit sa Dalawampung Libong Piso (P20,000.00);

***Kung hindi matubos ang sasakyan matapos na umabot ang kabuuang halaga sa P20,000.00, ang Pamahalaang Lungsod ay may kapangyarihan na ipagbili ang sasakyan, alinsunod sa umiiral na batas ng pampublikong bilihan at tawaran (public bidding and auction). Ang mga gastos sa butaw, towing fee at storage fee ay babawasin sa pinagbentahan ng pampublikong bilihan at ang sobrang halaga nito ay ibibigay sa may-ari o tagapamahala ng sasakyan.***

**Seksiyon 6.** ***NATATANGING (Special) PROBISYON.*** Upang lalong maging epektibo ang pagpapatupad ng "**close door policy**" ay papatawan din ng kasong "**Jaywalking**" ang sinumang tao na mahuhuling pasakay o sumakay sa pampubliko o pampasadang bus na nakahinto o nagsasakay sa hindi itinakdang sakayan o babaan (loading or unloading zone).

**Seksiyon** 7. Maliban sa paglalathala ng Kautusan sa pahayagan na may malawak na sirkulasyon, inaatasan din ang MTMB/TED at iba pang tanggapan na may kaugnayan sa papatupad ng batas trapiko sa Lungsod ng Muntinlupa na maglagay ng mga karatula (billboards) sa mga hayag na lansangan ng Lungsod hinggil sa Kautusan ng "**Close Door Policy**"ng mga pampubliko o pampasadang bus, kasama ang mga multa at parusang ipapataw sa paglabag ng Kautusan.

**Seksiyon 8**. ***SUGNAY NA MAGPAPAWALANG BISA.*** Lahat ng mga Kautusang Bayan, alituntunin, patakaran o bahagi nito na taliwas o di-tugma sa probisyon ng Kautusang ito ay pinapawalang-bisa o babaguhin ng alinsunod dito.

**Seksiyon 9. SUGNAY NA MAGBIBIGAY BISA.** Ang Kautusang ito ay magkakabisa kaagad matapos ang pagpapatibay ng Sangguniang Panlungsod.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ngayong **ika-20 ng Setyembre, 2001,** sa ginanap na **ika-7** Regular an Sesyon..

**SINANG-AYUNAN:**

| | |
|---|---|
| **ALDRIN L. SAN PEDRO**<br>*Konsehal* | **VICTOR L. ULANDAY**<br>*Konsehal* |
| **BAL NIEFES**<br>*Konsehal* | **ELMER S. ESPELETA**<br>*Konsehal* |

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Konsehal*

**ATTY. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**ATTY. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**MAMERTO T. SEVILLA, Jr.**
*Konsehal*

**MELCHOR R. TEVES**
*Konsehal*

**RUFINO B. JOAQUIN**
*Konsehal*

**MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Konsehal*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**LIBAN:**

**RENE CARL S. CAYETANO**
*Konsehal*

**PINATOTOTOHANAN,** ko nag katumpakan ng Kautusang ito.

**MGGL. ISIDORO L. SORIANO**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**MGGL. JO JASON T. ALCARAZ**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:* ________________

***LITO SALAMAT, JR/073101***